

## **Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-13 ng Mayo 2020**

### **UPDATE MULA SA KEMH**

Patuloy na nangongolekta ng swabs ang KEMH bilang bahagi ng regular nitong pagbabantay sa COVID-19.

Ang pagsusubok sa analyser ay nagsimula na ngayon, at bahagi nito ay ang paghahambing sa mga resulta ng lokal na pagsubok na pagsusuri sa mga swabs na ipapadala sa UK.

Tumatanggap na ngayon ng mga appointments at Dental Department, tawagan sila sa numerong 28020.

Ang pinakamahalaga, kung hindi maganda ang iyong pakiramdam na may sintomas na katulad ng sa trankaso at ikaw ay nangangambang maaaring may COVID-19, maaaring tawagan agad ang Ospital sa numerong 28000. Magbibigay ng abiso ang staff. HUWAG pumunta agad sa KEMH.

### **SOCIAL DISTANCING**

Nananatiling nakalagay pa rin ang social distancing.

### **UPDATE MULA SA LATAM**

Kinumpirma ng LATAM sa FIG na ang kasalukuyang suspensiyon ng mga naka-schedule na serbisyo ng paglipad papuntang Chile at Brazil ay tatagal pa hanggang sa kabuuan ng Hunyo.

Patuloy na binabantayan at sinusuri ito ng FIG kasama ng LATAM ng madalas at ang mga karagdagang updates ay ibibigay sa takdang panahon.

### **ORAS NG FIG**

Nag-adjust na ng mga oras ang mga opisina ng Gobyerno.

Makikita ang mga bagong pagbabago sa direktoryo ng FIG sa webpage ng COVID-19.